

Ang Susô Na Umakyat Sa Damo

Magkasamang namumuhay sa iisang lugar sina Dalag, tutubi, Bubuyog, at Susô. Para maiwasan ang pagtatalo, may gawaing-bahay ang bawat isa.

“Pinakamalaki ako sa ating apat, kaya ako ang pinuno ninyo,” pagmamalaki ni Dalag.

Walang nagawa ang tatlong kaibigan kung hindi ang sumunod.

“Dahil pinuno ka, ikaw ang maghahanap ng makakain natin araw-araw,” kantiyaw ni Bubuyog at Dalag.

“Kayang kaya ko ‘yan, sa laki kong ito!” ang mayabang na sagot ni Dalag.

Sumunod na pumili ng gawain ang tatlo ayon sa gusto at kaya nilang gawin. Unang nagsalita si Tutubi.

“Ako na ang utusan ninyong pumunta kahit saan. Tiyak na magagamit ko ang dalawang pakpak ko.”



Sumunod naman si Bubuyog.

“Ako ang magbabantay ng bahay. Sa sakit ba naman ng kagat ko, walang kahit sinong gagawa ng masama sa atin.”

Huling nagsalita si Susô.

“Ako naman ang magluluto at maglilinis.”


Sa madaling salita, ito ang napagkasunduan nilang gawin araw-araw.

Isang araw, umalis at naghanap si Dalag ng kanilang makakain. Sa kaniyang paglangoy, nakakita siya ng isang palaka na mukhang lupaypay na.

“Malaki ang palakang ito. Tiyak na matutuwa ang mga kaibigan ko sa ulam namin mamaya.” Umasa siyang maiuwi niya ang palaka.

Nang sunggaban niya ang palaka, parang may sumakal sa kanya. Hindi niya inasahang isa lang pala itong pain. Hinila ng isang mama, na namimingwit pala, ang pain kasama na si Dalag. Inuwi niya ito at inulam.

Hindi na nga nakauwi si Dalag. Samantala, gutom na gutom na sina Tutubi, Bubuyog at Susô.



“Teka nga at masundan si Dalag,” ang sabi ni Tutubi.

Humarap ito sa salamin at medyo natagalan sa pagsusuot ng kaniyang kurbata. Sa paglipad-lipad, napansin niya si Bolasi na lumalangoy sa ilog. Pabuka-buka ang labi nito sa paglitaw at paglubog niya sa tubig. Inakala ni Tutubi na pinagtatawanan ni Bolasi ang kanyang kurbata.


“Ano ba itong si Bolasi. Pinagtatawanan yata niya ang kurbata ko,” ang pag-aalala niya.

Kaya hinigpitan niya nang hinigpitan ang kaniyang kurbata hanggang sa masakal siya at hindi makahinga.

Hindi rin nakabalik si Tutubi. Sa gutom nina Bubuyog at Susô, umalis at sumunod din sa dalawang kaibigan si Bubuyog. Nagsuot ito ng sinturon para hindi mahalatang lalong lumiit ang kaniyang baywang.

Hindi nagtagal, hinigpitan pa niya lalo ang kaniyang sinturon para hindi mahulog ang suot na pantalon. Sa sobrang higpit, nahati sa dalawa ang katawan ni Bubuyog at tuluyang nahulog sa bukirin.

Nalungkot si Susô dahil hindi nagbalik ang tatlo niyang kaibigan. Kahit pausad-usad at mabagal, nagtiyaga si Susô na gumapang papunta sa ilog. Sinadya niyang umakyat sa



mataas na damo para matanaw kung nasaan ang tatlo niyang kaibigan.

“Dalaaaag, Tutubiiii, Bubuyooooog! Nasaan na kayoooooooo?”

Sigaw dito, sigaw doon, ang ginawa ni Susô pero wala siyang narinig na sagot. Mula noon, sa tuwing makakakita siya ng mataas na damo, inaakyat niya ito at lumilinga-linga. Umaasa siya na makikita niyang muli ang tatlo niyang kaibigan.

